

1

“Good morning, Love!” bati ni Laura sa poster na nakadikit sa kanyang locker door.

Actually, hindi lang poster ang naroon, may collage na roon ng pictures ng kanyang idolo. Si Rick Gonzales—isang famous matinee idol na kapapanalo lang ng Best Actor Award sa *FAMAS*.

“Hoy, Gaga! Kay aga-aga nahihibang ka na naman.”

Pumihit siya at nakitang papasok ng staff room ang gay best friend na si James. Dalawang taon pa lang silang magkakilala nito dahil sa kanilang trabaho pero simula noon ay hindi na sila mapaghiwalay. Sabi nga ni James, siya raw ang long lost sister nito. Noong una ay hindi niya nahalata na bakla ito dahil hindi ito screaming gay. In fact, he was a handsome guy, with the charms of a boy next door. Marami silang kliyente na nagpapa-cute dito.

“Ano bang pakialam mo? Hindi mo lang alam ang feeling ng ganito ka-in love.”

“Ay, Ate, wala akong balak mabaliw katulad mo. Tingnan mo nga ’yang locker mo, kulang na lang, eh,

kandila at puwede na 'yang maging altar para kay Rick Gonzales.”

Pinagmasdan niya ulit ang poster. “Inggit ka lang. Basta balang araw magpapakasal kami.”

“Susko, Inday! Baka nananaginip ka pa. Gumising ka na at kailangan na nating palitan sa shift 'yung dalawang babae sa labas. Ang dami nang customers na naghihintay na mabiyayaan ng masarap na kape.”

Barista sila sa isang kilalang coffee shop— gumagawa at nagsisilbi ng karaniwan ay *espresso*-based na kape.

“Sige na nga.” Hinaplos niyang muli ang mukha ni Rick at hinalikan ito. “Mamaya na lang tayo ulit magkita, magtatrabaho muna ang honey mo.” Isinara na niya ang locker niya at nagsuot ng berdeng apron.

Tapos si Laura ng kursong Law sa *San Beda*. Nagre-review na lang siya para sa Bar Exams. Nag-iisa na siya kung tutuusin. Namatay ang mga magulang niya noong ten years old pa lamang siya kaya simula noon ay ang Tita Amor niya na ang tumayong magulang niya. Pero nang magpakasal ang kanyang tiyahin mga apat na taon na ang nakalilipas ay minarapat niyang kumuha ng sariling apartment. Kahit nakapag-iwan ng sapat na halaga ang ama para

makapag-aral siya, minabuti pa rin niyang mag-part-time job. Nakakatulong din iyon kahit paano sa mga pangangailangan niya.

Napailing na lang si James at hinatak ang kamay niya.

“Halika na sabi, baka mapagalitan pa tayo ni Boss.”

Kapapasok lang ni Rick Gonzales ng studio kasunod ang kanyang ever reliable driver at production assistant or PA na si Jimmy. Dala-dala nito ang ilang damit niya.

“Sir, ilalagay ko lang po ito sa loob ng dressing room n’yo. Sunod na lang po kayo.”

Tumango lang siya at nilapitan ang isang babae na nakaupo sa folding chair na may nakasulat na ‘DIRECTOR’ sa likuran.

“Hi, Direk.”

Nilingon ni Maribel Legarda ang kilalang actor at binigyan ito ng malaking ngiti. “Ah, finally!”

Isa si Maribel Legarda sa mga leading women directors ng bansa. Ito rin ang direktor ng pelikula

kung saan siya nanalo bilang best actor.

Hinalikan niya ito sa pisngi at naupo sa bench malapit dito. “Matagal pa po ba ang eksena ko?”

“Medyo matatagalan pa ang pagse-set-up ng mga ilaw. Ipapatawag na lang kita kapag magti-take na tayo.”

“Sige po, thanks.” Tumayo na siya at nagsimulang maglakad patungo sa dressing room.

He started acting when he was fifteen. His mom was hesitant at first na payagan siya pero pagkatapos ng ilang linggong ligawan ay pumayag din ito. And as they say, the rest is history.

Most press people commented that his boyish good looks and charming personality made it easy for him to enter showbiz. Broodingly handsome was their description when he hit his twenties. Girls would go crazy over his dark hair, dark eyes and devastatingly sexy smile.

Pagpasok niya sa dressing room ay ginulat siya ng isang taong hindi niya inaasahang makita. Beautiful and sexy, nakasuot ito ng very revealing top at mini skirt.

“Good morning, Love.” Tumayo ito at hinalikan

siya sa labi.

“Trina, what are you doing here?” Itinulak niyang pasara ang pinto. “Di ba sinabi ko sa ’yong huwag kang pupunta dito?”

Sumimangot ito pero idinantay ang mga palad sa mukha niya.

“And hello to you, too. Why, Love, ayaw mo ba akong makita? Don’t you miss me?”

“I’m just saying we have to be careful. People are starting to notice. Alam mong napakahigpit ng manager ko. I have an image to uphold. Pareho tayo. Or have you forgotten who you are?”

Five months na niyang karelasyon si Trina De Dios—model and actress. She was tagged as the seductress of the century. Her cat eyes always appeared alluring to onlookers. Lalo itong naging sikat nang magkaroon ng exercise video na nagpole dancing. Nagkakandarapa ang mga kalalakihan sa atensyon nito.

“No, I haven’t forgotten. Ako lang naman ang nag-iisang girlfriend mo!” Inalis nito ang mga brasong nakapulupot sa leeg niya at sumalampak sa sofa.

”Come on, Trina, you know what I mean. Don’t

be that way. Our careers might suffer kapag nalaman ng mga tao na may relasyon tayo.”

Nagkalapit sila nang magkasama sa isang soap opera na ginawa a year ago. At first, he was just intrigued by Trina. She seemed to be a snob with a string of boys at her beck and call. Pero mabait din pala ang dalaga, kung di man ay kulang sa pansin.

May kumatok sa pintuan. “Boss, tawag na po kayo ni Direk,” tawag ni Jimmy mula sa labas.

He looked at Trina’s reflection on the mirror. “Iwan na muna kita dito, ha? I’ll be back after an hour.” Mabilis niyang hinalikan ito sa mga labi at nginitian ito.

“Promise?”

“Promise. And please, behave.” Pinandilatan pa niya ito.

“Okay. I’ll wait for you here.”

Inalis na niya ang pagkakahawak nito sa kanya.

Muling kumatok ang PA niya. “Boss, kailangan na po kayo.”

Binuksan niya ang pinto at lumabas na ng kuwarto.

Acts Of Love - Lara Esquijo

“Jimmy, huwag mong papalabasin si Trina. Kahit ano’ng mangyari huwag mo siyang hahayaang lumabas.”

“Yes, Sir,” ani Jimmy na napakamot na lang sa ulo.

2

“One decaffeinated *cappuccino* for John!” tawag ni Laura sa isang customer.

Lumapit sa counter ang lalaki at kinuha ang kape nito. Nginitian niya ito at tinatakan ang resibo na iniabot sa kanya.

“Thank you, Sir.”

“Uy, Laura, halika nga rito,” tawag ni James na nag-aayos ng pastries.

“Bakit ba?”

“May gagawin ka ba mamayang gabi?”

“At ano’ng binabalak mo? Huwag mong sabihing idadamay mo ulit ako sa pakikipag-eyeball mo. No. Mag-aaral pa ako mamayang gabi at may exam ako sa Mercantile Law.”

“Ah, ganoon ba? Oo nga pala, may review class ka bukas. Sayang may dalawang ticket kasi ako para sa premiere night ng *Forever*, ’yung pelikula ni Rick Gonzales. Pero kung may exam ka, iba na lang ang aayain ko.”

Napatili siya. “Oh, my God! Bakit ngayon mo lang sinabi? Hindi ko ito kaya. Magha-hyperventilate yata ako!”

Napatingin sa kanila ang ibang customers sa malapit. Hinampas ni James ang braso niya.

“Huwag ka ngang OA diyan,” natatawang sabi ni James. Alam nitong natutuwa siya sa surprise nito.

“Makikita ko na ang Love ko. It’s too good to be true.”

“O, sige na. Magtrabaho muna tayo rito at magpakasaya mamaya. I’m sure gusto mong magpaganda kaya nagpaalam na ako kay Boss na aalis tayo nang mas maaga.”

Hinalikan niya ang magkabilang pisngi nito at niyakap ito nang mahigpit. “Thank you talaga, James! You’re the bestest best friend ever!”

“Huwag mo nga akong halikan. Baka makita ka n’ung crush kong papa, sabihin pa n’un girlfriend kita. Paano iyong exam mo bukas?”

“Kayang-kaya ko ’yun.” Hindi pa rin maalis-alis ang malaking ngiti sa kanyang mukha.

Maaga silang lumabas sa trabaho. Sinamahan siya ni James na magpa-blow dry ng buhok. Kahit anong kumbinsi nito na maganda siya at hindi na kailangang mag-effort ay ayaw niyang maniwala.

Kailangan niyang maging extra beautiful.

Halos hindi na sila makasingit sa dami ng taong dumalo sa premiere night ng *Forever*. Mabuti na lang at nasa VIP row ang kanilang upuan.

“Ateng, mabuti na lang talaga at napanalunan mo sa radio contest ’yung tickets, ano? Sosyal, VIP talaga tayo,” bulong niya kay James habang palinga-linga kung may mga artista nang parating.

“Sus ko, sinabi mo pa. Kaloka! Ang dami pala talagang taong gustong manood ng pelikulang ito.”

Biglang pinatay na ang ilaw sa loob ng sinehan.

“Ladies and gentlemen, we would like to call on the lead stars of the movie *Forever*—Rick Gonzales and Farrah Luna.”

Naghiyawan at nagpalakpakan ang halos lahat ng tao sa loob ng sinehan. Nakatutok ang spot light sa dalawang artistang papalapit sa stage. Lalong lumakas ang sigawan ng mga fans.

Si Laura ay hinawakan ang kamay ni James.

Halos hindi na siya makahinga sa pagkakatitig kay Rick Gonzales.

“Laura, breathe,” bulong ng kaibigan.

“We would like to thank everybody for coming over. Salamat po sa lahat ng suporta na ibinigay n’yo sa amin,” umpisa ni Rick.

“Sana po magustuhan ninyo ang palabas,” ani Farrah.

Pagkatapos ng ilan pang panimula tungkol sa pelikula ay bumaba na ang dalawa sa entablado at nagsimula na ang palabas.

Absorbed na absorbed siya sa palabas. Palihim na natawa si James nang maluha siya sa ibang parte ng pelikula. Napapailing ito habang nakatitig siya sa likod ng ulo ni Rick na nakaupo sa harapan ng sinehan.

Nang matapos ang pelikula ay nagpalakpakan ang mga manonood. Binuhay muli ang ilaw sa loob ng teatro. Pumunta sa entablado ang isa sa mga host at nagsalita.

“Nagustuhan n’yo ba ang palabas?”

Hiyawan.

“Ah, bago tayo maghiwa-hiwalay may gagawing raffle draw. Yung kalahati ng ticket n’yo ay inihulog sa kahon na nasa unahan ko ngayon at ang mabubunot namin ay makakatanggap ng gift package galing kay Mr. Rick Gonzales. Please check your ticket number. Handa na ba kayong lahat?”

Hinanap niya ang kalahati ng ticket sa kanyang bulsa. Binasa niya ang numero sa ticket, number 43.

“At ang napakasuwerteng nabunot ko ay number...” Saglit itong tumigil. “Drum roll please.”

Nang matapos ang drum roll, halos walang nagsasalita sa loob ng sinehan.

“Number 43!”

Hindi siya makapaniwala. Tama ba ang narinig niya? Panalo siya? Tiningnan niyang muli ang ticket niya.

“Hoy, Bakla, nanalo ka! Tumayo ka na diyan at pumunta sa harap.” Itinulak siya ni James para tumayo at pumunta sa harap.

Para siyang nasa trance. Papalapit na siya sa harap, papalapit sa kanyang mahal na Rick.

“Here she is, the lucky girl,” anang host.

“And may we know your name, Miss Forty-Three?” tanong nito.

“Laura Rodriguez po.”

“So, Laura, are you single?” usisa nito.

“Single.” Halos hindi siya makasagot dahil alam niyang nasa tabi lang niya ang napakabangong si Rick Gonzales.

“O, narinig mo ’yun, Rick? Single daw.” Nagtilian ang mga babae. “In fairness, maganda si Laura. Bagay kayo.”

Iniabot ni Rick ang napanalunan niya at kinamayan siya.

“Congratulations,” saad nito.

“Wala man lang kiss?” kantiyaw ng host. Natawa ito nang pamulahan siya ng mukha.

“Kiss! Kiss! Kiss!” sigaw ng mga tao.

Itinaas ni Rick ang kamay nito para patigilin ang mga tao. Hinawakan nito ang balikat niya at nagkaharap sila. Para siyang nananaginip dahil di pa rin siya makapaniwala na kasama niya ito ngayon.

Hindi niya halos naririnig ang sigawan ng mga tao. Lalo na nang halikan siya ni Rick sa pisngi. Halos

himatayin siya sa kilig.

“Palakpakan natin sila,” sabi ng host.

Inalalayan siya ni Rick, napansin marahil ang pagkatulala niya.

“Miss, okay ka lang ba?”

“Ha? Yeah, I’m fine. Thanks again for this.”
Itinaas niya ang package.

“Sure,” anito.

Lumayo na ito at nagsimulang lumabas ng teatro. Naiwan siyang nakatayo sa sulok. Nilapitan siya ni James at kinuha sa kanya ang napanalunan.

“Hoy, Laura, okay ka lang ba?”

Hindi pa rin siya makapagsalita. Mahina siyang sinampal ni James para matauhan. Saka lang siya natauhan.

“Ano ba? Bakit mo ako sinampal?”

“Para ka kasing tanga diyan. Gumising ka na sa paniginip mo. Tapos na ang five-minute fame mo with your Prince Charming.”

“Kahit na. Mananatili siya sa puso at isipan ko. Forever!”

“Yuck! Ang baduy mo, Girl.” Umiling-iling ito. “Sigurado ka bang okay ka lang na umuwi mag-isa?”

“Ano ka ba, James? Ang tanda-tanda ko na, pabayaang mo na ako at puntahan mo na 'yung mga kaibigan mo. Kanina pa sila nag-text, di ba? Okay lang ako. Maraming salamat talaga sa tickets, ha? I would never forget this night.” Hinawakan niya ang kamay ni James at nginitian ito.

Pinisil nito ang palad niya. “Asus, tama na nga ang drama mo. Sige na, magkita na lang tayo bukas.” Hinalikan siya nito sa pisngi at nagpaalam na.

“Bye! Salamat ulit.”

Binuksan ni Rick ang pinto ng kanyang kotse at sumakay. Nakita niya ang nobya sa loob at hinalikan ito.

Tumingin siya kay Jimmy. “Sigurado ka bang walang nakakita sa atin?”

“Sigurado po, Boss. Tiningnan ko muna po kung may sumusunod sa akin bago ko sinundo si Ma'am Trina. ”Tapos dumerecho na po kami dito para daanan kayo.”

Inakbayan niya si Trina. “Good.”

Nginitian siya nito at humilig sa kanyang balikat. “So, my place or your place?”

“Why don’t we go to Tagaytay? Parang gusto ko ng bulalo.” Mas maganda sigurong sa malayo sila pumunta para walang masyadong tao.

“I like that,” anang nobya.

Mga sampung minuto pa lang sila sa kalye ay napansin na ni Jimmy na may kotseng sumusunod sa kanila. Tumingin itong muli sa rear view mirror at nakitang papalapit na sa kanila ang isang itim na *Honda Civic*.

“Boss, nasundan yata tayo,” anito.

Lumingon si Rick sa likuran at nakitang papalapit na nga ang itim na kotse. “Jimmy, kilala ko ang may-ari ng kotseng iyan. Iyan ’yung reporter na sunod nang sunod sa atin n’ung isang araw pa. Trina, you’d better duck down. We can’t let him see you.”

Inilagay ng babae ang ulo sa kanyang kandungan habang pabilis nang pabilis ang takbo ng kotse. Pero hindi sila nilubayan ng sasakyan. Biglang kinabig ni Jimmy ang manibela nang may tumawid na babae. Sa pag-iwas ay bumangga ito sa isang poste.

Everything happened so fast. Naroon na ang air

bag sa harapan ni Jimmy. Mabuti na lang at naka-seat belt silang magkasintahan sa likod. Kung hindi ay siguradong tumilapon na sila papaharap.

Tinapik niya ang likod ng PA slash driver. “Jimmy, okay ka lang ba?”

“Naalog yata po ang utak. Pero okay naman ako, Sir. May konting galos lang po. Kayo po ni Ma’am Trina?”

Tinapik-tapik niya ang mukha ng ng nobya dahil parang nawalan ito ng malay.

She slowly opened her eyes and looked at him. “Rick? What happened?”

“Thank God you’re okay.” Niyakap niya ito at hinalikan sa noo.

“Boss, pasensya na po pero kailangan na nating kumilos mukhang papalapit na ang reporter na humahabol sa atin.”

Hinarap niya si Trina. “Honey, you should stay here. Hindi nila dapat malaman na magkasama tayo.”

“Ano? You can’t just leave me here!”

“May nakikita akong coffee shop malapit lang. Stay there. Tatawagan ko ang manager mo to pick

you up. Please, we have to do this.”

“You’ll never hear the end of this, Rick,” inis na pagpayag nito.

Dali-daling inalalayan ni Jimmy si Trina palabas ng kotse.

Hindi makapaniwala si Laura na buhay pa siya. Muntikan na siyang masagasaan ng kotse dahil sa katangahan niya. Tulala pa rin kasi siya dahil sa halik ni Rick Gonzales kaya hindi niya nakita ang kotse na napakabilis ng takbo. Huli na nang marinig niya ang malakas na busina niyon. Paglingon niya nakita niyang sumalpok ang sasakyan sa poste. Sa pagkabigla ay nabitawan at sumambulat ang mga gamit niya sa daan. Pagkatapos damputin ang mga iyon ay lumapit siya sa kotse. Nakita niya ang isang lalaking nakatungo, nakahawak ang kanang kamay nito sa noo at sentido.

“Sir, okay lang po ba kayo?”

Nag-angat ng tingin ang lalaki. Nahigit niya ang hininga. Si Rick Gonzales!

“Laura, right?” he asked. Tumango siya, di makapaniwalang naalala nito ang pangalan niya.

“Can you do me a favor?” anito, may pakiusap sa tinig.

“Ano ’yun?”

“Pumasok ka sa kotse. Mamaya ko na ipapaliwanag sa ’yo. Please?”

Kibit-balikat na pumasok siya. Tumabi ito sa kanya. Sinabihan siya nito na humiga sa kandungan nito at magpanggap na natutulog. Mayamaya pa ay may lumapit sa kanilang lalaki na may dalang camera.

“Sinasabi ko na nga ba’t magkasama kayo!” sigaw ng nasa labas.

Alam niyang kinukuhaan sila nito ng litrato dahil sa sunud-sunod na flash ng ilaw at clicks ng gadget. Kinakatok din nito ang bintana ng backseat sa side ni Rick.

May narinig siyang tunog, dumampi ang hangin sa kanyang balat. Sigurado siyang ibinaba ng aktor ang bintana.

“Sa halip na mang-intriga ka, mabuti pang tumawag ka ng ambulansya at baka nasaktan ang kasama ko.”

“So, tama ako! Kasama mo nga ang girlfriend

mong si Trina de Dios,” matagumpay na saad ng nasa labas.

Sa halip na pansinin ito ay tinapik ni Rick ang mukha niya.

“Honey, wake up. Are you okay?”

Iminulat niya ang mga mata at tiningnan ang binata. Saka siya napatingin sa kausap nito sa labas ng kotse. Reporter. Parang nagulat ito nang maaninag ang mukha niya.

“Sino siya?” usisa nito.

“Kaibigan ko,” sagot ni Rick. “Ngayon kung tapos ka na sa mga tanong mo ay lalabas na kami. We need medical attention.”

“Sandali lang. Nakita ko kanina na kasama mo si Trina de Dios,” takang-takang sabi ng reporter.

“Puwes, nagkamali ka. Kailangan mo nang patingnan ’yang mga mata mo.” Bumaba si Rick sa sasakyan at inalalayan siyang makalabas.

Anong klaseng gulo ba itong napasok niya?

3

Nasa coffee shop si Laura at nag-aayos ng condiments sa counter. Mayamaya pa ay humahangos na pumasok si James. May hawak itong diyaryo. Lumapit ito sa kanya at pilit na ipinababasa sa kanya ang hawak nito.

“Explain this to me!” he demanded.

“Ano ba? Kailangan mo bang ipagdukdukan ’yang diyaryo sa mukha ko?” Kinuha niya iyon sa kaibigan. Nakatupi na iyon sa pahina at artikulo kung saan naroon ang mukha niya kasama si Rick Gonzales.

“Pakisabi nga sa akin kung bakit nandiyan ang *fez* mo? Iniwang kita kagabi sa harapan ng mall. ’Tapos kinabukasan nadiyaryo na kayo ni Rick Gonzales?”

Napailing na lang siya, hindi rin makapaniwala sa mga pangyayari.

Ilang minuto pagkaalis ng reporter, naiwan sila ni Rick na nakatayo sa harapan ng bumangga nitong kotse.

“Look, I’m sorry,” umpisa niya.

“Huh?” Bumaling ang binata sa kanya.

“The accident. Kasalanan ko yata. May iniisip ako habang patawid ako at hindi ako tumitingin sa dinaraan ko.”

“No. It wasn’t your fault. Masyadong mabilis ang takbo namin. We we’re overspeeding dahil hinahabol kami ng reporter na iyon. Nasaktan ka ba? You weren’t hit?” nag-aalalang tanong ng lalaki.

Umiling siya. “Kayo... kayo ng kasama mo? Okay lang ba sila? Ikaw?” Nawalan yata ng kulay ang mukha niya. Paano kung nasaktan ang mga kasama nito sa sasakyan dahil sa kanya?

“We’re fine. Don’t worry. Pasensya na at nadamay ka. Listen, I feel like I could trust you, kahit ngayon lang tayo nagkakilala. I hope I’m not wrong?”

Ano ang isasagot niya? She wanted to say that he could trust her with his life. Pero maniniwala ba ito? Naniniwala ba talaga ito sa sinabi nito?

May isang puting CR-V na tumigil sa kanilang harapan.

“My PA’s here,” paliwanag ni Rick. “Ihahatid na kita. Mag-usap tayo on the way to your house.”

Dahil lito at nanghihina pa rin ang tuhod, na kung epekto man ng near-accident o ng presensya ni Rick ay

hindi niya alam, pumayag siya na magpahatid.

“Salamat,” sabi na lang niya.

Lumabas ang PA mula sa driver’s side at umikot sa puwesto nila.

“Sir, naipahatid ko na po si Miss Trina,” sabi nito sa aktor.

“Thanks, Jimmy.” Ipinakilala siya nito sa lalaki. “Laura, this is my very efficient assistant Jimmy. Jimmy, I trust you remember Laura from a while ago?” tanong ni Rick.

Ngumiti ang lalaki sa kanya at tumango.

“Pasensya na... tungkol d’un sa aksidente,” paumanhin niya.

Lito ang tingin na ibinaling ni Jimmy sa amo.

“Siya iyong papatawid sana kanina. Come on, ihahatid ka na namin.” Inalalayan siya ng aktor papasok sa sasakyan. Pagkatapos ay naupo ito sa tabi niya.

Bumalik si Jimmy sa driver’s seat. Tinanong siya ni Rick kung saan ang bahay niya at sinabi niya rito ang address. Saka lang binuhay ng PA ang makina ng sasakyan.

Tiningnan niya ang mga mata ng katabi. Parang gusto niyang malunod sa mga iyon. He looked so vulnerable. Parang hindi niya kayang tanggihan kung may hihilingin man ito.

“Yes, you can trust me,” sagot niya sa tanong nito kanina.

“I am in a relationship with Trina de Dios,” he declared all of a sudden.

Trina.

Iyon ang pangalang narinig niyang binanggit ng PA nito kanina.

May blind item nga siyang nabasa minsan. Hindi siya naniwala. It was a blind item after all. Pero ngayong dito na mismo nanggaling ang pag-amin...

Kumusta naman ang puso niya?

Nagpatuloy ito na tila hindi napansin ang epekto ng bombang pinasabog nito sa mukha niya.

“Hindi maaaring lumabas ito sa media. Malaking intriga, my manager and I wouldn’t agree, at aminado akong hindi ito makakabuti sa career ko, namin pareho. My fans prefer me to be single. That or present them with Miss Goody-Two-Shoes for a girlfriend. Hindi isang sexy actress. Ayoko mang isikreto ang relasyon

namin ni Trina, I think it's for the best."

"You didn't have to tell me that. Pero salamat. I guess iyon ang dahilan kung bakit kinailangan mong magpanggap na 'tayo' ang magkasama kanina?"

Tumango ito. "I'm sorry. I didn't mean to use you. Pero nang lumapit ka kanina, iyon ang unang pumasok sa isip ko. Alam ko kasing naghihinala iyong reporter na si Trina ang kasama ko. And... thank you. I really owe you one. Malamang titigil na sa paghihinala ang kumag na iyon."

"Boss, pasensya na, pero puwede po bang magsalita?" anang PA.

"Sige, Jimmy, ano 'yun?"

"Since nakita kayo n'ung reporter na kasama ni Ma'am Laura kanina, baka mas maganda kung lagi kayong nakikita ng press at ng mga tao na magkasama. Palagay ko po, makakatulong iyon para unti-unting mamatay ang chismis na may relasyon kayo ni Ma'am Trina."

"Ano?" bulalas niya. Kahit gusto niya ang ideya na makasama si Rick... It was still ridiculous!

Nagliwanag ang mukha ng aktor. "Why not? Tama si Jimmy. We can pretend we're together."

“It’s crazy.” Hinarap niya si Rick. Kitang-kita niya sa mukha nito na seryoso ito.

“Look, madali lang magpanggap. We just have to hang out. Hindi kailangang palagi, ipapakita lang natin na magkasama tayo madalas. Then after some time, we can say na hindi nag-work-out ang relationship natin so we broke up.”

“Hindi ba mas malaking intriga kung mababalita na may girlfriend kang non-showbiz?”

“I don’t think so. The crowd would love it. They’ll accept you. Sabi mo kanina, you’re reviewing for your Bar exams while working? I can give you extra allowance if you pretend to be my girl. Isipin mo na lang rumaraket ka. Right, Jimmy?” ani Rick.

“Yes, Ma’am. Pakonsuwelo n’yo na rin po sa mukha kong tumama sa airbag?” tila pangongonsensya nito.

Talk about blackmail. Napabuntong-hininga siya.

Hindi siya makapagsalita. She didn’t like the idea one bit. Then Rick gave her one of his winning smiles. Napaisip siya. How could she say no to her dream guy? Sana ay ma-meet niya ang babae na kayang tumanggi sa ngiti at kaguwapuhan nito.

Would it be okay to take extra money from the

man? She really didn't need it. Maayos ang kita niya. And she could always find a better job. Para saan pa ang dalawang bachelor's niya?

Isa lang ang dahilan kung bakit siya papayag. And even if she hated herself for it, Laura had to admit that it was the only reason.

Gusto niya itong makasama.

Pero hindi nito kailangang malaman iyon. Hindi nito dapat malaman iyon. So, she would take the money he would pay her. Pandagdag din iyon sa rainy day account niya. Baka magduda ito sa dahilan niya kapag tinanggihan niya ang pera.

"Fine. Pero isang buwan lang. Then, break na tayo."

"Makikipag-break ka agad sa akin?" pilyong tanong ni Rick.

"Basta. One month," pagtatapos niya.

Pumitik si James sa harapan niya. "Ano ba, hindi mo ba ako sasagutin?"

Ayaw sana niyang magsinungaling sa best friend pero napagkasunduan nila ni Rick na wala silang

pagsasabihan ng kanilang sekreto.

“N’ung iniwan mo kasi ako sa mall, nadaanan ako ni Rick. Natandaan niya ako, ’tapos inaya niya akong kumain.”

“Tapos?”

“Tapos inabot na kami ng madaling araw sa pag-uusap at inihatid niya ako sa bahay.” Pinagpatas-patas niya ang mga pakete ng asukal at creamer para maiwasan ang mga mata ni James.

“Pero sabi dito, naaksidente daw kayo? Okay ka lang ba?” Hinawakan nito ang mga balikat niya at pilit siyang inihaharap.

“Ihahatid na ako ni Rick n’un pauwi kaso bigla na lang may tumawid na babae. Ewan ko ba, wala siguro sa sarili. Muntikan na naming masagasaan. Bumuwelo agad ’yung driver ni Rick at bumangga kami sa poste. Mabuti na lang walang nasaktan, pero nasira ’yung bumper ng isang sasakyan ni Rick.”

Hindi na lang siya tumingin dito habang nagpapaliwanag. Baka mahalata nito na may itinatago siya.

“Sus ko, Girl! Katakot naman ang experience mo kagabi. Pero hindi ko naiintindihan. Naaksidente

kayo 'tapos kayo na? Gan'on? Ang bilis naman?" Nagtaas ito ng kilay.

"Hindi kami, 'no. We simply went out," tanggi niya.

"Gan'on na din 'yun! Diyan nag-uumpisa iyan, palabas-labas. Maniwala ka, before you know it, kayo na. Kaya lang, Sis, hindi pa din ako talaga makapaniwala. Hindi sa minamaliit kita. Alam kong maganda ka at maraming nanliligaw sa 'yo. Pero si Rick Gonzales? Shouldn't he be dating models at hindi mga magagandang barista na gaya natin?"

"Well, siguro nagbago na siya ng isip. Gusto na niya ng mga long haired barista na malapit nang maging abogada!"

"Tarush! Ang haba talaga ng hair mo! Kasinghaba ng *EDSA*. At mukhang lalo pang hahaba pag nakita mo kung sino ang kapapasok lang." Napatingin siya sa entrance. "Mukhang nandito na ang Prince Charming mo."

True enough, Rick Gonzales was there. Naka-faded jeans at puting T-shirt lang ito pero napaka-sexy pa ring tingnan. He was just... perfect.

Lumapit ito sa kinatatayuan nila at ngumiti.

Hindi rin niya mapigil ang sarili na ngitian ito.
“Hi.”

“Hi.” Bumaling ito kay James. “Can I order one *café mocha*?”

“Sure, Sir. May I have your name?” Standard question iyon sa customers.

“Pakilagay na lang ‘Boyfriend ni Laura’,” sagot nito.

Lumabi si James. “Oh. Anything else, Sir?”

“Puwede bang si Laura ang gumawa ng kape ko?”

“Oh! Definitely, Sir,” anang bakla.

Napapailing na nagtungo siya sa kinaroroonan ng coffee maker. Sinundan siya ng kaibigan. Pinamumulahan siya ng mukha habang ginagawa ang order ng lalaki. Mamaya pa ay tapos na siya.

“One *café mocha* for Rick,” tawag niya. Hininaan lang niya ang boses dahil nasa malapit lang ito.

“Ano’ng sabi mo? Hindi kita marinig,” pang-aalaska nito.

Alam niyang ginagawa lang nito iyon dahil sa ‘palabas’ nila pero nahihiya pa rin siya.

“One *café mocha* for Rick,” ulit niya.

“I don’t think that’s the name on the cup, Lady. Baka kailangan mong isigaw para marinig ng mga tao.”

Napapalatak si James sa tabi niya, napapailing. “One *café mocha* para sa BOYFRIEND NI LAURA!” sigaw nito bago bumalik sa ginagawa.

Nagtinginan ang mga tao bago nalipat ang atensyon sa kanila, iba-iba ang expression sa mukha. Nang abutin ni Rick ang kape buhat sa kanya at halikan siya sa pisngi ay nagpalakpakan ang mga ito.

“Thank you. Tapos na ang palabas natin para sa araw na ito. I’ll call you,” bulong ng lalaki. Humigop muna ito ng kape bago tuluyang lumabas ng shop.

Huminga siya nang malalim. Tiningnan niya ang kanyang nanginginig na mga kamay. Hindi pa rin siya makapaniwala sa ginawa ni Rick. Pero sa aminin niya at sa hindi ay kilig na kilig siya. Siya na ngayon ang girlfriend ng aktor, ang *pretend* girlfriend ni Rick Gonzales.

Dalawang araw nang nagsusunog ng kilay si Laura para sa exam niya sa Criminal Law. Nag-file

siya ng leave sa coffee shop para lang masigurado na makakapag-aral siya nang mabuti. Hindi na niya kailangan ng dagdag na problema. Sapat nang gulo ang dulot ng pagkakaugnay ng pangalan niya kay Rick Gonzales. Napakagulo ng mundo nito. Privacy was way overrated. And there was no such thing as privacy in showbiz.

Noong isang araw ay napagalitan siya ng lecturer sa International Law. Bakit daw sangkatutak na reporters ang sumusunod sa kanya? Nakakagulo raw ito sa peace and quiet ng kanilang review class. Hindi raw makapag-concentrate ang mga nagre-review dahil sa sumusunod sa kanyang press. Gusto niyang sabihin na 'biktima' lang siya at kung kaya lang niya ay pinaalis na niya ang mga ito.

Bottomline, nagpasya na lang siyang umuwi sa bahay para wala nang madamay. Iniisip niya kung gaano niya nami-miss ang tahimik niyang buhay nang biglang may kumatok sa pinto.

“Sandali lang.” Tumayo siya sa pagkakaupo at binuksan iyon. Tumambad sa kanyang harapan si Rick Gonzales.

“Rick, ano’ng ginagawa mo dito?” tanong niya.

Naihatid na siya nito minsan pero hindi ito

tumuloy. Hindi kalakihan ang apartment niya pero malinis at maayos iyon, may dalawang palapag. Kuwarta niya ang nasa itaas, sala at study area ang ibaba. Sa kanan ay makikita ang kusina at dining area.

Pumasok ito sa bahay niya. “I like your place. Simple pero cozy.”

“Thanks. Pero hindi mo pa sinasagot ang tanong ko. Bakit ka nandito?” Isinara niya ang pinto sa likuran nito.

Ibinaba nito ang graduation picture niya sa ibabaw ng shelf bago bumaling sa kanya. “I need you to go with me sa opening ng restaurant ng kaibigan ko.”

Tumaas ang isang kilay niya sa sinabi nito. “Excuse me, inuutusan mo ba ako? O tinatanong mo kung gusto kong sumama sa iyo?”

Hanggang ngayon ay hindi pa rin siya makapaniwala na lagi na niyang nakikita si Rick. But the more she saw him, parang naiinis lang siya rito. He was bossy. Gusto laging nasusunod. At feeling yata ay laging open ang kanyang schedule pagdating sa mga kapritso nito.

Sa dami ng gulong inihatid nito sa buhay niya,

napipikon na siya. “You know, Rick—”

He suddenly changed tactics. “Pasensya ka na, but maybe it would help if we answer the press. They keep asking questions about you. I’ll bring you to the opening that way, ikaw mismo ang makakasagot sa mga tanong nila. Ayokong magkamali ng sasabihin.”

“I have a major test tomorrow. I can’t.”

“Sige na, dinner lang. Just give me three hours of your time then ihahatid kita agad dito. Please? Kailangan mo din namang kumain, di ba?”

Napabuntong-hininga siya. May point ito, kailangan niyang kumain.

“Three hours lang. Kapag lumampas ka ng three hours ay iiwan kita.”

“Deal. So, we have thirty minutes to make you more beautiful, fifteen minutes to get to the restaurant, mga isa’t kalahating oras sa party ’tapos ihahatid na kita pabalik.”

Lumakad ito patungo sa front door at binuksan iyon. Tatlong staff nito ang sunud-sunod na pumasok. Nakilala na niya ang mga ito. Makeup artist at stylist ng aktor. May dalang bag na puno ng cosmetics ang isa. Ang dalawa ay nagpasok ng rack na may selection

ng magagandang evening wears. Kita niya sa isa pang bag ang mga suklay, hairbrushes at blow dryer.

Hindi na siya nakapalag nang paupuin siya ng isang babae at sinimulang suklayin ang kanyang buhok habang nilalagyan siya ng foundation ng isa pa.

“I’ll leave you with your fairy godmothers. Hihintayin kita sa labas.”

“Sandali lang! Rick!”

Hindi siya pinansin ng binata, naglakad na ito palabas ng bahay. Naiwan siya kasama ng tatlong good fairies na tila gumawa nga ng magic sa kanya.

Nang matapos ang mga ito ay tiningnan niya ang sarili sa salamin. She hardly recognized herself. She had on a black cocktail dress that showed all her curves. Ayaw niya sanang suotin ang damit na ipinagpilitan ng tatlo dahil backless iyon. But three against one? Her face was flawless. Parang walang makeup pero na-emphasize lahat ng magagandang features ng mukha niya.

She had never looked or felt more beautiful. Huminga siya nang malalim pagkatapos magpasalamat sa tatlo. Sinamahan siya ng mga ito para puntahan ang kanyang kunwa-kunwariang Prince Charming.

She was ready.

Handa na siyang magpanggap.